REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

JUL 17 2006

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 278 s. 2006

IKATLONG PAMBANSANG TAGISAN NG TALINO SA WIKA
AT PANITIKANG FILIPINO SA ANTAS SEKONDARYA

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punungguro/Tagapamahala ng mga Paaralang Sekondarya

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondarya (DepED-CO) ay magtataguyod ng Ikatlong Pambansang Tagisan ng Talino sa Wika at Panitikang Filipino, Malikhaing Pagsulat at Talumpatiang Di-Handa sa Agosto 16-18, 2006 sa Regional Education Learning Center (RELC), Cepeda St., Concepcion, Lungsod ng Marikina. Ito ay gaganapin sa pangangasiwa ng Sangay ng Edukasyong Sekondarya - Pambansang Rehiyon ng Pilipinas (DepED-NCR) at sa pakikipagtulungan ng Sangay ng Maynila at Marikina at Pamahalaang Lungsod ng Marikina.

2. Layunin ng gawaing ito ang mga sumusunod:

a. Matugunan ang adhikain ng Basic Education Curriculum (BEC) at ng asignaturang Filipino na malinang ang mga kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip at mabisang pakikipagtalastasang akademiko;
b. Masukat ang mga taglay na tanging kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng isang makabuluhang paligsahan sa mga larangan ng wika at panitikang Filipino; malikhaing pagsulat at talumpatiang di-handa; at
c. Makalinang ng mga mag-aaral na nagtataglay ng malalim na pagtitiwala sa sarili hinggil sa kanilang mga angking kakayahan at kaalaman.

3. Ang mga nararapat lumahok sa timpalak na ito ay manggagaling sa una hanggang sa ikaapat na taon ng haiskul. Ang tatlong magwawagi sa tatlong kategorya mula sa kani-kanilang rehiyon ay siyang lalahok sa Pambansang Tagisan. Sanhi nito, nararapat na makapagsagawa ng mga lokal na tagisan sa mga paaralan sa bawat sangay at sa bawat rehiyon.

4. Ang Pambansang Tagisan sampu ng mga local na tagisan ay nararapat na sumukat sa mga kasanayan at kaalaman sa a) Wika at Panitikan; b) Pagpapakahulugan sa Sanaysay (Interpretative Essay), at c) Talumpatiang Di-Handa (Extemporaneous). Ang unang bahagi ay bubuuin ng pasulat na pagsusulit na nahahati sa tatlong kategorya: madali; katamtaman; at mahirap. Ito ay tatagal ng

isang oras. Ang mga katanungan ay manggagaling sa aralin sa wika at panitikan. Ang ikalawang bahagi ay Pagpapakahulugan sa Sanaysay (Interpretative Essay) na tatagal ng isang oras at ang ikatlong bahagi ay ang Talumpatiang Di-Handa (Extemporaneous) na bibigkasin sa loob ng lima hanggang pitong (5-7) minutos.

5. Ang mga magsisipagwagi sa Pambansang Tagisan ay bibigyan ng gantimpala na nagkakahalaga ng mga sumusunod, kaukulang tropeo at Sertipiko ng Pagkilala para sa tagapagsanay at paaralan:

| Gantimpala | Halaga ng Gatimpala |
|---|---|
| Unang Gantimpala | PhP10,000.00 |
| Ikalawang Gantimpala | 7,000.00 |
| Ikatlong Gantimpala | 5,000.00 |
| Ikaapat na Gatimpala | 3,000.00 |
| Ikalimang Gantimpala | 2,000.00 |

6. Ang mga nararapat dumalo sa gawain ay ang mga sumusunod:

| Mga Dapat Dumalo | Bilang ng mga Dapat Dumalo |
|---|---|
| a. Mga nagwagi mula sa kani-kanilang rehiyon | 3 mag. /17 rehiyon = 51 |
| b. Pansangay na tagamasid sa Filipino na nakasasakop sa paaralan ng mga nagwagi | 3 tag. /17 rehiyon = 51 |
| c. Tagapagsanay ng mga nagwagi | 1 tag. /17 rehiyon = 17 |
| d. Panrehiyong tagamasid sa Filipino | 1 tag. /17 rehiyon = 17 |
| e. Mga kawani mula sa DepED-NCR na itatalaga ng kanilang Direktor | 14 –Pansangay na Tagamasid at 3 mula sa NCR |
| f. Mga piling kawani ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondarya | 9 |

7. Ang mga kalahok at mga kasapi ng panrehiyong delegasyon ay inaasahang magbabayad ng rehistrayon sa halagang Isang Libong Piso (PhP1,000.00) para sa panustos at kagamitan (supplies and materials); silid para sa panayam at tagisan (conference room), gantipalang salapi, plaque at sertipiko, bayad sa mga hurado, extra duty allowance (EDA) ng mga namamahala at iba pang gastusin kaugnay ng nasabing gawain. Ang rehistrasyon at pamasahe (papunta't pabalik) ng mga kalahok ay manggagaling sa pondong lokal na dapat sumasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri. Samantala, ang gastusin para sa pagkain at tirahan ng mga kalahok at pamasahe at ibang gastusin ng mga kawani ng BSE-DepED na lalahok sa gawain ay manggagaling sa pondo ng Kawanihan. Ang unang pagkain ay magsisimula sa tanghalian ng Agosto 16, 2006 at magtatapos sa tanghalian ng Agosto 18, 2006.

8. Ang mga kalahok at mga kasapi ng panrehiyong delegasyon ay inaasahan sa Agosto 16, 2006, ganap na ika-3:00 ng hapon para sa pambungad na palatuntunan. Inaasahang ang mga kalahok ay magsusuot ng kasuotang Filipiñana para sa

kababaihan at Barong Tagalog para sa kalalakihan para sa pambungad na palatuntunan.

9. Sa kaugnay na gawain, ang mga panrehiyon at pansangay na tagamasid na dumalo sa tagisan ay magkakaroon ng panayam/kumperensya sa Agosto 17, 2006 na gaganapin sa parehong lugar na pangangasiwaan ng DepED-National Capital Region.

10. Anumang paglilinaw sa nasabing Gawain ay maaring makipag-ugnayan kina **Bb. Gloria I. Alday** ng Sangay ng Edukasyong Sekondarya (NCR) sa tel. blg. (02) 921-56-30 at **Gng. Evangeline C. Calinisan** sa mga tel. blg. (02) 632-77-46 at (02) 632-13-61 lokal 2062.

11. Kalakip nito ang mapa kung paano makararating sa Regional Educational Learning Center (RELC), Lungsod ng Marikina.


12. Hinihiling ang madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

FE A. HIDALGO
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONTESTS
Learning Area, FILIPINO
STUDENTS

Reformatted by: Maricar/DM-Tagisan sa Filipino
07-06-06


FR. STA LUCIA
SHOE AVE
SUMULONG HI-WAY
G. FERNANDO AVE
ENGR. DEPT.
WMO
2ND ST
3RD ST
E. SANTOS ST
E. RODRIGUEZ AVE.
SHOE FACTORY
GASOLINE STATION
COL. DIVINO
CEPEDA ST.
PETRON
7-11
MARIKIT
FR.BATASAN
CONCEPCION CHURCH
REGIONAL EDUCATIONAL LEARNING CENTER
(RELC)
74 CEPEDA ST, CONCEPCION,
MARIKINA CITY
Note: From Marikina Sports Center,
sumakay ng Jeep papuntang
SSS Village.